KUNG PAANO ARALIN.... ANG SALITA NG KATOTOHANAN

2 Timoteo 2:15

TRANSLATED

FROM ENGLISH TO

FILIPINO TAGALOG

Ang Bibliya ay malaking aklat. Ito ay kapahayagan ng Diyos sa tao. Para makilala natin Siyang maigi dapat nating basahin at unawain ang impormasyong binigay ng Diyos sa atin sa loob nito. Nguni't paano kaya nating gawin talaga iyan? Paano tayo mag-aral nitong napakahalagang bulto galing sa Diyos?

Sa mga pahina ng Bibliya, ang Diyos ay nagbigay ng malinaw na habilin kung paano tayo mag-aral ng Kanyang pahatid sa atin. Wika Niya sa atin kung ANO ang aaralin, BAKIT pag-aralan ito, at pati na kung PAANO ang pag-aaral nito. At wika Niya sa atin na kung susundin natin ang Kanyang mga patnubay, ang bawa't isa sa atin ay"pinagtibay" at "isang manggagawa" na di dapat mahiya".

Ang layunin ng booklet na ito ay para matulungan kayong makita ito mismo sa Banal na Kasulatan.

Sana makita ninyo ang araling ito ay nagpapaliwananag at mapagtibay.

Gary at Lynda Miller
2822 Briarwood Dr. E. Arlington Heights, IL 60005
www.grace-harbor-church.org
www.lesfeldick.org

KUNG PAANO

ARALIN....

ANG

SALITA

NG

KATOTOHANAN

2 Timoteo 2:15

TRANSLATED FROM ENGLISH TO

FILIPINO TAGALOG

(BLANKO)

Ang Diyos ay tumuturo sa atin kung paano mag-aral ng Salita ng Katotohanan para maging “pinagtibay na mga manggagawa” kaysa “hindi pinagtibay at nahihiyang manggagawa”. Sabi ng Diyos sa atin na “matuwid binahagi” ang Kanyang salita.

Ang apostol Pablo nagsulat sa II Timoteo 2:15,

“Mag-aral para ipahiwatig ang sariling pinagtibay ka ng Diyos, isang manggagawa na hindi kailangang mahiya, matuwid na pagbabahagi ng salita ng katotohanan.”

Sa araling ito manumbalik tayo sa berso na ito at makita natin kung paano ang ating pagtalima nito ay magdadala ng karangalan at kaluwalhatian sa Diyos.

Sa II Tim. 2:15 ang apostol Pablo nagsasabi sa mga mananampalataya:

ANO ang dapat gawin - mag-aral
BAKIT gawin ito – para maging pinagtibay sa Diyos (hindi isang nahihiyang manggagawa)
PAANO gawin ito – sa matuwid na pagbabahagi ng salita ng katotohanan
Ang wika sa atin ni Pablo na ang kasulatan ay dapat “binabahaging matuwid”.

Makikita natin na ang pagiging masunurin sa utos ng Diyos na “matuwid binahagi” ang Kasulatan ay hindi babawasan ang kahalagahan ng *“Lahat na kasulatan ay ibinigay sa hinga ng Diyos…” na mabasa natin sa* II Timoteo 3:16

Sa pamamagitan ng “matuwid na pagbabahagi” ng salita ng katotohanan na “lahat na kasulatan ay …napapakinabangan” sa kapwang magpapatibay ng manggagawa at ang mga layunin at pasiya ng Diyos. Binabahagi ng matuwid ay nangangahulugang “hihiwaing – sa mga piraso o mga bahagi”.

Simulan natin ang pag-aaral sa pagtitingin kay Adan sa hardin.

Ang pakikitungo ng Diyos kay Adan sa loob at labas ng Hardin

Pinasimulan ng Diyos ang Kanyang pakikitungo sa tao sa Hardin ng Eden. Na sa Hardin na *"ang PANGINOON ay nag-utos sa tao,"* Hen. 2:16. Naihayag ng Diyos ang Kaniyang kalooban kay Adan sa Kaniyang mga kautusan. Sinabi ng Diyos kay Adan ng malinaw at walang muwang kung ano ang dapat o hindi dapat gawin.

Inilagay ng Diyos si Adan sa Hardin na may mga tagubilin, *"alagaan at ingatan ito",* Hen. 2:15. Ang gawi ni Adan ay tagapagingat ng lupa o tag-alaga sa kahanga-hangang hardin. Bibigyan rin ni Adan ng pangalan ang lahat na hayop na dinala ng Diyos sa kaniya, Hen. 2:19. Pagkaraan, ibinigay ng Diyos si Eba kay Adan na kaniyang "nararapat na alalay", *"At kapwa sila hubad, ang lalake at kaniyang asawa, at hindi sila nahiya."* Hen. 2:25.

Bagaman binigyan ng Diyos si Adan ng matinding kalayaan at pananagutan sa Hardin, binigyan siya ng isang babala. Hen. 2:16-17,
"At ang PANGINOONG Diyos nag-utos sa tao, nagsasabi, Sa bawat punongkahoy sa hardin ay buong laya ninyong kainin: Subalit sa punongkahoy ng kaalaman ng kabutihan at kasamaan, huwag ninyong kainin: dahil sa araw na kayo ay kakain nito, walang pagsalang kayo ay mamamatay."
Nagbigay ang Diyos ng isang takdang mga tagubilin kay Adan para sa kaniyang pagsitalima ng pananampalataya. Pinili ng Diyos na pamahalaan ang tao sa loob ng hardin sa pamamagitan ng pagbigay ng mga kautusan kay Adan na karapatdapat sa kalagayan ng tao. Ang kalagayan ni Adan ay ang walang muwang sa Hardin.

Ang katiwala ni Adan

Ang mga kautusan ni Adan ay maaaring tawaging isang katiwala o kapahintulutan. Ang mga kautusang ito ay naging unang katiwala na ibinigay ng Diyos sa tao. Si Adan, bilang unang katiwala ng Diyos, ay ang mamahala ng sangbahayan ng Diyos at mananagot sa kautusan ng Diyos.

Ang pagiging katiwala ay isang takdang mga tagubilin na kailangan sundin ng katiwala. Ang pananagutan ng katiwala ay dapat sumunod o magbigay (maghalal o tutupad) ang pagiging katiwala na siya'y pinagkalooban.

Ang pananagutan ni Adan ay manatili sa Hardin, alagaan at ingatan ito, pangalanan ang mga hayop at di dapat mahiya sa kaniyang kahubaran. Si Adan at Eba ay hindi dapat lumabag sa Diyos sa pagkain ng punong kahoy ng kaalaman ng kabutihan at kasamaan.

Ipinakilala ni Satanas ang kaniyang palatuntunang kasinungalingan sa tao

Ang mga bagay ay nagaganap ayon sa kahanga-hangang balak ng Diyos para sa Kaniyang nilalang hanggang si Satanas ay lumapit kay Eba bilang ahas. Sinipi ni Satanas ang Salita ng Diyos, pinalitan ang Salita ng Diyos at saka idinaragdag sa Salita ng Diyos. Ang pagpalit ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagdagdag o pagbawas mula dito ay tulad ng pagsisira ng Salita ng Diyos.

Sinipi ni Satanas ang Salita ng Diyos kay Eba sa Hen. 3:1, "…Oo, sabi ng Diyos, Kayo ay huwag kumain ng bawat punongkahoy sa hardin?"

Pinalitan ni Eba ang Salita ng Diyos sa Hen. 3:3, "… Kayo ay hindi dapat kumain ng ito, ni huwag ninyong galawin ito, baka

kayo ay mamamatay." Dinagdagan ni Eba "ni huwag ninyong galawin ito"; wala ito sa mga tagubilin ng Diyos kay Adan.

Sinalungat ni Satanas ang Salita ng Diyos sa pagdagdag nito. Hen. 3:4, "…Hindi kayong walang pagsalang mamatay: Sinabi ng Diyos sa Hen. 2:17,
"…kayo ay walang pagsalang mamamatay." Dinagdag ni Satanas ang salitang "hindi" at nagsinungaling kay Eba sa kaniyang pagsisira ng katotohanan ng Diyos.

Ang kasalanan ay pumasok sa sanlibutan nang sina
Adan at Eba ay lumabag sa Diyos at kumain ng bunga ng punongkahoy ng kaalaman ng
Kabutihan at kasamaan. Ang katiwala, mga kautusan na ibinigay ng Diyos para sa tao, ngayon ay sinuway na.

Ang pagpasok ng kasalanan nagbago ang lahat para kay Adan at Eba gaya ng ipinangako ito ng Diyos. Sina Adan at Eba ay lumipat na walang sala sa pagiging makasalanan. Nagbago ang kalagayan ng tao, mangangailangan ng pagbago ng pagiging katiwala ng Diyos kay Adan. Ang napapala ng pagbagong kalagayan ng tao ay kadahilanan ng Diyos magbigay ng pangalawang takdang mga tagubilin. Makita natin ngayon na pinalitan ng Diyos ang Kaniyang katiwala sa kanila na may pananagutan sa panibago at magkaibang katiwala. Sila ngayon ay susunod na sa isang panibagong takda ng mga kautusan.

Si Adan nakatanggap ng panibagong katiwala

Itinaboy sila ng Diyos mula sa hardin na nilagyan Niya sa kanila, Hen. 3:23, 24, *"Samakatuwid itinaboy siya ng PANGINOONG Diyos mula sa Hardin ng Eden,"*

Ang kanilang kahubaran ngayon ay natakpan na. Hen. 3:21,
"*Kay Adan rin naman at sa kaniyang asawa ang PANGINOONG Diyos ay gumawa ng mga tunika na balat, at sinuutan sila."* Sila ay hindi na dapat hindi mahiya sa kanilang kahubaran.

Sa kanilang unang katiwala sila ay napangakuan lamang ng buhay. Si Adan at Eba ay hindi dapat alam ang kamatayan habang nasa hardin sa kanilang ka walang muwang. Sila ngayon ay makaranas na ng kamatayan napapala ng Diyos na humahatol sa kanilang kasalanan at katuparan ng pangakong ginawa sa Hen. 2:17, "*na sa araw na kayo ay kumain niyaon kayo ay walang pagsalang mamamatay."*

Ang kamatayan na ipinangako ng Diyos kabilang ang dalawa ang pangkaluluwang kamatayan at ang pangkatawang kamatayan. Ang kanilang pagsuway nagdala ng kahatulan ng Diyos. Sila ngayon ay patay na sa Diyos ayon sa espiritu. At maging ang, kanilang mga pangkatawang laman ngayon ay makakita na ng kamatayan. Tinupad nga ng Diyos ang Kaniyang pangako, sila ay "walang pagsalang mamamatay".

Ipinahayag ang kahulugan ng katiwala –kapahintulutan

Nakita natin ang halimbawa ng pakitungo ng Diyos sa unang tao ang susi sa ating pag-unawa sa kasulatan. Si Adan, isang tao, nabuhay sa ilalim ng dalawang hiwalay, kakaiba at naitanging katiwala o isang pamamahala. Ang isang katiwala o pamamahala ay magkahalintulad ang kahulugan ng sumusunod:

Sangbahayang pamamahala
ekonomiya
pangangasiwa
magbibigay
pakikitungo
pamamahala

Sa unang katiwala ng Diyos o kapahintulutan kay Adan matagpuan nating ibinigay ang mga tanging tagubilin. Nang ang pangangailangan ni Adan o nagbagong kalagayan ang napala ng kasalanan, Ginawa ng Diyos na palitan ang Kaniyang pamamahala sa tao. Ang Diyos ay nagbigay ng

panibagong takda na mga tagubilin na ang tao ngayon ay nananagot. Ang bagong mga tagubilin ay pinapalitang ng Kaniyang dating una. Ang dating katiwala ay nahahanay sa tabi nang ibinigay ang bagong tagubilin. Ang pagkamasunurin ng tao ay hindi na sa dating tagubilin pero sa mga bago na.

Ang unang pangaral gusto natin matutunan mula sa halimbawa na ito ay na pinalitan ng Diyos ang Kaniyang patakaran sumasa tao!

Malinaw na si Adan ay nabuhay sa ilalim ng dalawang magkaiba at maitatanging katiwala o kapahintulutan.

Ang katunayan na binago ng Diyos ang Kaniyang patakaran kay Adan ay hindi ibig sabihin na ang Diyos, mismo Siya, ay nagbago".

Hindi nagbabago ang Diyos, "Ako ay hindi nagbabago".

Ang kasulatan ay malinaw, ang Diyos ay hindi nagbabago. Malakias 3:6, "*Sapagkat ako ay ang PANGINOON, Ako ay hindi nababago;…"* Matutunan natin dito na ang katangian at kaugalian ng Diyos ay hindi nagbabago. Puwede tayong may panalig at pag-asa sa Panginoon dahil sa Kaniyang walang pagbabagong katangian at kaugalian. Ang Diyos ay kailan man hindi magbabago pagdating sa Kaniyang pagiging Matapat, Pag-ibig, Ilaw, Katotohanan, Banal, Makatuwiran, Magpakailan man, Marunong sa lahat at Makapangyarihan sa lahat. Ang magkaroon ng Diyos na taglay na"hindi nagbabago" ay kahanga-hangang katotohanan na pahingahan at huminga ng katiwasayan. Subalit, ang ating pag-unawa ng katotohanan ay hindi dapat dahilan na tayo ay malilito pagdating sa ating hindi nagbabagong Diyos binago ang Kaniyang pakikitungo sa tao.

Mababasa natin sa Hebreo 13:8, *"Si Jesu Cristo ay gayon din noon, at ngayon, at magpakailan man."* Ang berso na ito ay nagtuturo sa atin na ang katangian at kaugalian ng Panginoong Jesu Cristo ay hindi nagbago at hindi maaaring magbago sa nababasa natin sa Malakias 3:6. Subalit hindi ito nagtuturo na ang Panginoon ay hindi kailanman magbago ang kaniyang mga sugo, mga tagubilin o mga kapahintulutan sa sangkatauhan . Ang Diyos ay nagbigay ng dalawang magkaibang kapahintulutan kay Adan. Ang Diyos ay nagbigay ng ilang mga kapahintulutan mula ng lalangin si Adan. Ang pinakahuli at bagong kapahintulutang ibinigay ay "ang kapahintulutan ng biyaya ng Diyos" ibinigay kay apostol Pablo para sa atin. Ang Diyos ay magdadala ng isa pang panibagong kapahintulutan matapos tanggapin Niya sa itaas ang Kaniyang iglesia.

Kadalasan ang tagapagturo ay nagturo ng ganap na kabaligtaran ng kung ano ang tinuturo ng banal na kasulatan tungkol sa ating walang pagbabagong Panginoon. Ginagamit nila ang Hebreo 13:8 na magturo na si Jesus ay iisa ang Kaniyang pakikitungo sa mga tao at na ang pakikitungo ng Diyos sa mga tao ay hindi nagbabago. Isang halimbawa ng ganitong pagtuturo ay ang:"dahil ang Panginoong Jesu Cristo pinagaling ang maysakit noong Kaniyang makalupang paglilingkod sa Israel, Siya ay patuloy sa paggaling hanggang ngayon. Ang kailangan lang nating gawin ay angkinin ang ating pagpapagaling."Subalit, Hebreo 13:8 ay hindi nagsasalita ukol sa Panginoong nagpalit ng katiwala sa tao; ito ay nagsasalita ukol sa Kaniyang katangian at katalagahan na hindi nagbabago.
Ang mga pakikitungo ng Diyos sa mga tao ay binago at magbabago uli. Tayo, tulad ni Adan, kailangan mapagmasid kung ano ang mga pagbabago at kung kailan nangyari ang mga ito. Kailangan natin malaman kung ano ang ating pamamahala para magiging tapat ng mga katiwala tayo.

I Mga Taga-Corinto 4:2 "Bukod dito ay kinakailangan sa mga katiwala, na ang tao matagpuang tapat."

Binahaging matuwid ni Adan ang salita ng katotohanan

"Matuwid na binahagi ang salita ng katotohanan" ni Adan. Alam ni Adan na ang pangalawang kapahintulutan ng Diyos ngayon ay dapat masusunod para sa kaniyang magsitalima ng pananampalataya. Alam ni Adan na ang mga unang tagubilin ay mga Salita ng Diyos, subalit na ang mga ito ngayon ay hindi na dapat sundin. Ang pagsunod sa unang takdang mga tagubilin ngayon ay magiging kasalanan. Naunawaan ni Adan na ito ngayon ay naging pagsuway para sa kaniya na susubukang bumalik patungo sa Hardin at dinggin ang mga utos na ibinigay sa kaniya bago siya nagkasala.

Alam ni Adan na ang kapahintulutan na ibinigay sa kaniya noong siya ay nasa hardin pa ay nawa at patuloy na mananatiling Salita ng Diyos, subalit hindi na siya ngayon dapat maging masunurin nito. Maaaring matuto si Adan sa pangunang katiwala ng Diyos ngunit alam niya na hindi sundin ito. Pagkatapos nagkasala si Adan, ang pangalawang katiwala ay naging Salita ng Diyos kay Adan na kaniyang pananagutang sundin. Ito ay Salita ng Diyos na ngayon ay kailangan dinggin ni Adan.

Makikita natin si Adan haharap sa salita ng Diyos parehong pamamaraang pagturo sa atin ni apostol Pablo upang harapin ito, II Timoteo 2:15

"Mag-aral upang ipakita ang iyong sarili na subok sa Diyos, isang manggagawa na hindi kailangang mapahiya, matuwid na binahagi ang salita ng katotohanan."

Nagturo sa atin si Pablo na "matuwid na binahagi ang salita ng katotohanan"

Sinasabi ni Pablo sa mga mananampalataya na "matuwid na binahagi ang salita ng katotohanan." Ito ang ginawa ni Adan nang hinati o hiwain ng tapatan ang mga salita ng Diyos at sinunod ang pangalawang kapahintulutan ng Diyos sa kaniya sa gugol ng pinakauna. Binahagi ni Adan ang salita,

pinagputolputol ng tapatan. Alam ni Adan na ang kaniyang pangunang kapahintulutan ay lubusang salita ng Diyos gaya ng pangalawa, subalit ang panguna ay pinalitan ng pangalawa. Alam ni Adan na ang lahat ng salita (kasulatan) ng Diyos ay **para** matutunan niya subali't hindi lahat na kasulatan ay **sa** kaniya upang sundin.

Tumuturo sa atin ni Pablo sa II Tim. 3:16, 17, *"Lahat na kasulatan ay ibinigay sa pamagitan ng hinga ng Diyos"*. Nagsasabi si Pablo, "*lahat na kasulatan ay…napapakinabangan"*. Subalit, kasulatan ay dapat "matuwid na binahagi" sa nakita nating ginawa ni Adan, para mapapakinabangan ito. Ang Kasulatan, kung hindi matuwid na binahagi, ay hindi mapapakinabangan. Kailangan nating malaman na ang lahat na kasulatan ay **para** natin matutuhan nguni't hindi **sa** atin upang susundin. Ito ay hindi kapaki-pakinabang na gamitin ang buong kasulatan sa atin. Hindi ito ginawa ni Adan. May paggalang si Adan sa bawat salita ng Diyos subalit alam niya na ang kaniyang katayuan sa harap ng Diyos ay ayon sa kaniyang pagtalima sa pananampalataya sa pinakahuling kapahintulutan ng Diyos.

Kung ang isang santo ay nakakaunawa na siya ay dapat mag-aral ng Salita ng Diyos ayon sa kapahintulutan, siya ay nagiging masunurin sa tagubilin ng Diyos na, "binahagi ng matuwid ang salita ng katotohanan". Hindi natin ginagalang o matuwid na binahagi ang Salita ng Diyos sa pamagitan ng paliban-libang pagpunta kahit saan at saan man dito para makita ang ating katiwala higit pa kaysa ginawa ni Adan. Basahin natin at aralin ang buong Bibliya ngunit may karunungan na ito lahat ay para sa atin subalit hindi lahat sa atin o tungkol sa atin.

May ilang mga katotohanan o mga panuntunan ng Diyos sa kasulatan na hindi kailanman magbabago mula sa kapahintulutan hanggang sa sunod na kapahintulutan. Halimbawa, ang Diyos ay hindi magbabago. May ilang katotohanan na isang-ayon lamang at sundin habang nasa kapahintulutan na ibinigay sa kanila. Sa mga pagbabagong ito ayon sa kapahintulutan na kailangang pag-usapan ngayon

dahil may ipakikialam ito sa “mga talakay ng pagtanggap” sumasa Diyos para sa tao sa isang
tanging kapahintulutan.

Mula nang si Adan ay nasa Hardin patungo sa kasalukuyang panahon, ang Diyos ay nagbigay ng ilang kapahintulutan para sa taong pagtalima ng pananampalataya. Nakita natin ang dalawang kapahintulutan sa buong buhay lamang ng unang tao.

Ang pananagutan ng tao sa Diyos ay nagbabago sa bawa’t katiwala. Sa Hardin, si Adan ay hindi nagkaroon ng batas ni Moises kalakip nito ang bautismo sa tubig, pagbibigay ng pera, banal na mga araw, sasamba sa templo, mga handog, at hindi nagkakaroon ng ebanghelyo ni Pablo na ang kaligtasan ayon sa biyaya sa pamagitan ng pananampalataya, atbp. Ang mga ito ay hindi bahagi ng una o pangalawang kapahintulutan ni Adan.

Kapag ang isang mag-aaral ng Bibliya ay nag-aaral ng anumang paksa ng Bibliya, matuwid na binahagi ang Kasulatan dapat magdulot sa kaniya na tapusin ang kaniyang pag-aaral kasama ang katotohanan ng Diyos sa kaniya galing sa sariling kapahintulutan. Para sa atin, nabubuhay sa Panahon ng Biyaya, dapat natin tapusin ang ating doktrina sa mga sulat mula kay Pablo. Malamang may dahilan na sa ibat-ibang dako sa salita ng Diyos matuklasan natin ang pagtutukoy sa panalangin, bautismo sa tubig, kapatawaran, mga anghel, atbp., hindi lagi ibig sabihin ang mga ito ay itinuon sa inyo o mga ito ay tungkol sa inyo na sundin at dinggin.

“Sang-ayon sa Kasulatan” at “Sang-ayon sa Kapahintulutan”

Ang isang tao ay maaaring “sang-ayon sa kasulatan” at hindi “sang-ayon sa kapahintulutan”. Matapos ng pagkasala ng tao si Adan ay bagang nagsabi na ang unang kapahintulutan sa kaniya ay ang Salita ng Diyos o “nasa Bibliya” at siya ay magiging masunurin sa mga ito. Ito ay maging kamangmangan at suwail. Si Adan ay magiging suwail sa Diyos kahit na siya

ay “sang-ayon sa kasulatan”.

Kailangan nating maging maingat na “binahaging matuwid ang salita ng katotohanan” gaya ng ginawa ni Adan. Ang Bibliya ay maaaring “matuwid na binahagi” o “kamaliang binahagi”. Ang maling pagbahagi ng Kasulatan ay ang tinutukoy ni Pedro sa II Pedro 3:16, *“alin sa kanila na di nakakaalam at hindi matatag ay binabaligtad, gaya ring ginagawa nila sa ibang kasulatan, sa kanilang sariling kapahamakan.”*

Kinikilala ni Pedro yaong mga binabaligtad ang Kasulatan na mga “di nakakaalam” at “hindi matatag”. Ang “di nakakaalam” ay hindi “matuwid na binahagi” gaya ng sinabi ng Diyos sa kanila at sila ay “hindi matatag” ang hanggahan. Ang pagbaligtad ng Kasulatan ay nagdadala ng kapahamakan. Hindi kahatulan, ngunit ang pag-aral ng Bibliya at ang buhay Kristiyano na walang kapaki-pakinabang sa gawain ng Panginoon at walang kapaki-pakinabang sa buhay ng mananampalataya.

Si Pedro ay tumutukoy lalung-lalo na sa mga ginagawa ng mga santo sa mga sinulat ni Pablo kung siya’y sasambit tungkol sa binabaligtad o binaluktot ang kasulatan.

II Pedro 3:15,16, *“…minamahal na kapatid Pablo…Gayon din naman sa lahat niyang sinulat.”*

Ang pagiging sang-ayon sa kasulatan at hindi sang-ayon sa kapahintulutan ay maaaring kadahilanan ng isang tao para sirain ang Kasulatan. Ang pagbaligtad ng Kasulatan ay binaluktot ito at gagawin nitong magsasabi kung ano ang nais mong sabihin nito sa halip na kung ano talaga ang sinasabi.Matuwid ng binahagi ay kasagutan ng Diyos sa kanilang pagbaligtad ng mga ito.

Ating kapahintulutan, “ang kapahintulutan ng biyaya ng

Diyos”

Ang apostol Pablo ay nagwika sa atin na ang muling nabuhay na si Cristo ang nagbigay sa kaniya ng kapahintulutan o katiwala na dapat ibigay sa inyo at sa akin.

Efeso 3:2, 3, “*Kung inyong narinig ang kapahintulutan ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin patungo sa inyo: kung paanong sa kapahayagan kaniyang ipinabatid sa akin ang hiwaga;”*

Ang Mga Gawa 20:24, “*Ngunit wala sa mga bagay na ito dumaloy ako, ni hindi binibilang ko ang aking buhay lalong mahal sa sarili ko, nang sa ganoon maaaring matapos ko ang aking katungkulan na may kagalakan, at ang paglilingkod, na tinanggap ko mula sa Panginoong Jesus, upang magpatunay ng ebanghelyo ng biyaya ng Diyos.”*

Ang kapahintulutan na ibinigay ng ating Panginoon kay Pablo ay tinatawag “ang kapahintulutan ng biyaya ng Diyos”. Nag-umpisa ang Diyos ng kapahintulutan ng biyaya ng Diyos kalakip ang kaligtasan ni Saulo sa daan patungo sa Damasco sa Mga Gawa 9 at iningatan ng Diyos ito sa katuusan hanggang ngayon. Ikaw at ako ay nabubuhay sa kapahintulutan ng biyaya ng Diyos. Ito ay halata na hindi tayo nakatira sa una at pangalawang kapahintulutan na ibinigay ng Diyos kay Adan. Ni hindi tayo nakatira sa kapahintulutan ng batas.

Si Pablo ay nangaral na ang kapahintulutan ng biyaya ng Diyos ay hindi ibinigay ng Diyos ni hindi ipinangaral ng kahit kanino hanggang nahayag ni Cristo sa kaniya.

Efeso 3:2, “*na ibinigay sa akin sa inyo patungo:*”

Ipinakilala ni Pablo ang sarili sa kaniyang bigay-ng- Diyos na ebanghelyo paulit-ulit gaya ng ginawa ni Moises sa “kaniyang salita galing sa Diyos” tungo sa Israel. Sinabi ni Pablo, “aking ebanghelyo”, “ang ebanghelyo ibinigay sa akin”, atbp.

Roma 2:16, *"Sa araw na ang Diyos ay hahatulan ang mga lihim ng mga tao ni Jesu Cristo ayon sa* ***aking ebanghelyo."***

Roma 16:25, "*Ngayon sa kaniya na makapangyarihan upang itatag kayo ayon sa* ***aking ebanghelyo.."***

II Timoteo 2:8, *"Alalahanin na si Jesu Cristo mula sa lahi ni David ay binuhay na mag-uli sa mga patay ayon sa* ***aking ebanghelyo****:"*

Sinabi ni Pablo na itong kapahintulutan ng biyaya ay ikinubli ng Diyos na iniingatan ang isang hiwaga o lihim hanggang nahayag ni Cristo sa kaniya at sa kaniya lamang.

Efeso. 3:5, *"Na nang ibang panahon ay* ***hindi naihayag*** *sa mga anak ng mga tao…"*

Col. 1:25-26 *"Sa ganyan ako ay ginawang ministro, ayon sa kapahintulutan ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo para matupad ang salita ng Diyos;; Maging* ***ang hiwaga na siyang inilihim mula sa panahon at mula sa salit-saling lahi, subalit ngayon ay nahayag sa kaniyang mga santo:****"*

Roma 16:25 *"Ngayon sa kaniya na may kapangyarihan upang itatag kayo ayon sa aking ebanghelyo, at ang pangangaral ni Jesu Cristo, ayon sa pahayag* ***ng hiwaga, na siyang inilihim buhat nagpasimulang sanlibutan."***

Kahit makita natin ilang mga kapahintulutan sa Salita ng Diyos kung saan binago ng Diyos ang Kaniyang pakikitungo sa tao, nakikita natin lalong lalo na dalawang pangunahing mga bahagi sa Kasulatan na ating dapat kilalanin kung tayo ay magiging sinang-ayunang mga manggagawa na hindi nahihiya. Ang dalawang pangunahing bahagi ay hindi Lumang Tipan o Bagong Tipan, kundi "sanggunian" at "hiwaga"

Sanggunian at Hiwaga

Ang Sanggunian ay ang yaong "*Diyos ay nagsalita sa pamamagitan ng mga bibig ng lahat na kaniyang banal na mga propeta buhat ng pinasimulang sanlibutan"* Mga Gawa 3:21. Ang sanggunian ay ikinababahala ang sanglupaan at sa paghahari ni Cristo sa ibabaw nito kasama ang makalupang tao ng Diyos, bayang Israel.

Hiwaga, Roma 16:25, "*yaong iningatang lihim buhat ng nagpasimulang sanlibutan"* may ipakikialam ukol sa iglesia, ang Katawan ni Cristo. Ang hiwaga ay ikinababahala ang langit at ang ating pagpupuri doon kasama si Cristo.

Sanggunian-ay hinulaan, sinalita

Hiwaga-iningatang lihim at hindi hinulaan.

Sa Hen. 1:1 ating mababasa ukol sa dalawang larangan na may hangad nito ang Diyos, *"Sa pasimula nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa."*

Ang Diyos ay may dalawang hiwalay at kaibang mga ahensya na Siya ay nagtrabaho at nagtatrabaho upang ganapin ang kaniyang mga pasiya sa mga larangang ito. Ang una ay Israel at Siya ay nagsalita tungkol sa kanilang palatuntunan mula ng pinasimulang sanlibutan. Ang pangalawa ay ang iglesia, ang Katawan ni Cristo, at ang katotohanang nauukol sa Kaniyang hiwagang palatuntunan ng biyaya ukol sa iglesia na iniingatang lihim buhat ng pinasimulang sanlibutan.

Ang Makalupang Paglilingkod ni Cristo, Sanggunian hindi Hiwaga

Ang Israel ay nakatira sa ilalim ng palatuntunan ng sanggunian, na lakip ang pagsunod kay Moises at ang batas. Ang ating Panginoon, sa panahon ng Kaniyang makalupang panglilingkod sa Israel, dumating bilang isang Hudyo suko sa

Batas ni Moises. Nababasa natin ukol sa ating Panginoong Jesu Cristo sa Mga Taga-Galacia 4:4,

"Ngunit kapag ang kapunuan ng pagkakataon ay darating na, ipinadala ng Diyos ang kaniyang Anak, ipinanganak ng isang babae, ipinanganak sa ilalim ng batas."

Si Jesu Cristo ay sumunod sa kautusan at napaparito upang ganapin ito tulad ng nakikita natin sa Mateo 5:17,

"Huwag ninyong isipin Ako'y naparito upang sirain ang kautusan, o ang mga propeta: Ako'y hindi naparito para sirain, subalit para ganapin."

Si jesu Cristo bilang tao ay naparito para ganapin ang batas at mga propeta. Hindi Siya naparito upang "ganapin ang Salita ng Diyos" ukol sa "ang hiwaga". Yaon ang tanging paglilingkod na ibinigay ni Cristo kay Pablo. Mga Taga-Colosas 1:25-26,

"Na kung saan ako'y ginawang ministro nito, ayon sa kapahintulutan ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo, ***para ganapin ang salita ng Diyos****; Maging ang* ***hiwaga*** *na siyang inilihim mula sa panahon ang mula sa salit-saling lahi, subali't ngayon ay nahayag na sa kaniyang mga santo."*

Sa mga aklat ni Mateo, Marcos, Lucas at Juan matagpuan natin si Cristo ay nagtuturo sa Kaniyang tagasunod na sunurin ang batas. Mateo 23:2-3

"Na nagsabing, Ang mga escribe at mga Fariseo ay nakaupo sa kaupuan ni Moises: Lahat kaya kung anoman ang kanilang sabihin sa inyong susundin, yaon ang sundin at gawin…"

Mateo 28:20,

"Tuturuan sila na susundin ang lahat na bagay anuman ang Aking iniutos sa inyo…"

Ang katotohanang ito ay mula sa naunang kapahintulutan ng batas, at hindi para nating sundin sa panahon ng biyaya. Ang ating Panginoon ay nagtuturo sa Israel na susundin ang batas ni Moises kapwa noong Kaniyang makalupang ministerio sa Israel at ang ministerio ng Kaniyang muling pagkabuhay sa Israel gaya ng makita natin sa Mateo 28:20

Kailangan nating tanungin ang ating sarili, “Ano ang sinasabi ng kasulatang matuwid na binabahagi?”

Nagsabi si Pablo sa Roma 6:14, “…*sapagka't hindi kayo sa ilalim ng batas, kundi nasa ilalim ng biyaya.”*

Gal. 5:18, *“Ngunit kung kayo ay pinapatnubayan ng Espiritu, kayo ay hindi sa ilalim ng batas.”*

Kapag pinapatnubayan ng Espiritu Santo ang isang mananampalataya sa kapahintulutan ng biyaya ng Diyos, hindi siya pinapatnubayan nito na sundin ang batas! Kailangan nating maging sang-ayon sa kapahintulutan hindi lamang sang-ayon sa kasulatan kahit sa mga salita ng ating Panginoon noong Kaniyang makalupang ministerio sa Israel.

Samantala ang sanggunian ay para sa atin na may matutunan tayo, ito ay hindi sa atin para sundin. Ang ating kapahintulutan ay hiwaga, hindi sanggunian. Sa nakikita natin, ang mga kuwenta ng ebanghelyo nina Mateo, Marcos, Lucas at Juan ay maaaring higit na karapatdapat ituturing na mga aklat ng Lumang Tipan sa paraang ang mga ito ay karamihan tungkol sa sangguniang palatuntunan ng Israel, “yaong mga sinalita”. Ito ay mga aklat ng Hudyo, ukol sa Israel at ang pananampalataya ng Hudyo. Nakita natin ginagalang ang pagtupad ng batas at itinuro sa lahat ng dako nitong mga aklat.

Kung ikaw ay nakasakay sa barko na lumulubog at sa lahat na maaari mo lang dalhin ay ang maliit na aklat na naglalaman lang ay ang apat na ebanghelyo, maaaring marami kang matutunan ukol sa sanggunian ngunit wala ukol sa hiwaga.

Ang hiwagang palatuntunan ng Diyos, Biyaya

Ang hiwagang palatuntunan ng Diyos, ang kapahintulutan ng biyaya, nag-umpisa kay Pablo. Sinabi ni Pablo sa Efeso 3:8,

"Sa akin, na siyang mababa pa kaysa pinakamababa sa lahat ng mga santo, ay ibinigay ang biyayang ito, na dapat kong ipangaral sa mga Gentil ang mga di-magunitang mga kayamanan ni Cristo;"

"Di-magunita" ay nangahulugan "hindi nahulaan" o "walang landas o yapak". Hindi nagkaroon ng landas ang hiwagang katotohanan bago ni Pablo. Ang kapahintulutan ng biyaya ng Diyos ay hindi makita sa kasulatan bago naihayag ni Cristo kay Pablo dahil ito ay:

-nakatago sa Diyos, Efeso 3:9
-nalingid sa lahat ng panahon at mula sa salit-saling lahi, Col.2:26
-hindi ginawang ihayag, Efeso 3:5
-isang hiwaga - inilihim buhat ng pinasimulang sanlibutan, Roma 16:25

Ang lihim na hiwagang palatuntunan ng Diyos ay hindi ipinangaral kahit kanino bago naihayag ito ni Cristo kay Pablo! Hindi natin makitang naihayag ang hiwagang palatuntunan kahit saan man sa Bibliya bago natutunan natin ito mula kay Pablo.

Ang ating Panginoon Jesu Cristo sa Kaniyang makalupang ministerio sa Israel ay hindi nahayag kahit anuman ukol sa hiwagang palatuntunan. Si Pablo ay nagsasabi sa atin sa Roma 15:8,

"*Ngayon ako ay nagsasabi na si Jesu Cristo ay ang ministro ng pagtutuli para sa katotohanan ng Diyos, upang magpatibay ang mga pangakong ginawa sa mga ama.*

Si Cristo ay naparito alinsunod sa sangguniang palatuntunan, sa kapahintulutan ng batas, at naging ministro ng Israel. Ang makalupang ministerio ng ating Panginoon ay sa Israel noon bilang isang ministro sa pagtutuli. Babala, ang berso ay nagsasabi, "**noon**"

Ngayon ang ating Panginoon ay hindi na ministro sa pagtutuli gaya noon sa mga kuwenta ng ebanghelyo, ngunit ang Pangulo ng Kaniyang iglesia, ang Katawan ni Cristo.
Si Pedro at ibang mga labing-isang apostol ay wala ring naihayag kahit anuman ukol sa hiwaga. Sila ay nagturo ng sanggunian, "yaong sinalita buhat nagpasimulang sanlibutan".
Sa tighabol hanggang Pentecostes nakita natin si Pedro nagsasabi sa Mga Gawa 2:16, "*Nguni't ito ang yaong sinalita sa pamamagitan ng propeta Joel:"* Ito ay sinalita at sinaysay ng Diyos ang haharapin. Ang kapahayagan ng kubling hiwaga ni Pablo ay hindi paksa ng sanggunian at sa panahong yaon ay "nakatago pa sa Diyos".

Ang hiwaga (lihim) palatuntunan ng kapahintulutan ng biyaya ng Diyos noon ay hindi inihayag hanggang sa matapos ang Pentecostes, at matapos ng pagbato kay Esteban nang inihayag ito ni Cristo kay Pablo.

Si Pablo ang apostol sa mga Gentil

Roma 11:13, "*Sapagka't ako ay nangungusap sa inyo mga Gentil, palibhasa ako'y apostol ng mga Gentil, niluluwalhati ko ang aking katungkulan."*

Sinasabi ni Pablo na siya ay ang apostol, isang ipinadala ng Diyos, sa mga Gentil. Niluluwalhati ni Pablo ang kaniyang katungkulan. Ang bigay-ng-Diyos na katayuan ni Pablo bilang

Apostol sa Katawan ni Cristo ay may lubos na kahalagahan sa kasalukuyang ekonomiya ng Diyos.
1 Cor. 14:37, *" Kung sinumang iniisip ang sarili na siya ay isang propeta, o ayon sa espiritu, hayaan siyang aminin na ang mga bagay na isinusulat ko sa inyo ay mga utos ng Panginoon."*

Ngayon, ang isang pangkaluluwang santo ay aaming mga akda ni Pablo ay mga utos ni Cristo.

Nasa mga akda ng apostol Pablo, mga aklat na Sa Mga Taga-Roma hanggang Filemon, na makita natin ang katotohanang ayon sa kapahintulutan ng Diyos para sa atin, ang Kaniyang iglesia ang Katawan ni Cristo. Narito at dito lamang na matuklasan natin ang katiwalang ibinigay ng Panginoon sa atin. Dito matutuklasan natin ang "kapahintulutan ng biyaya ng Diyos".

Ang Diyos, sa pagpahayag ng Kaniyang kapahintulutan ng biyaya kay Pablo, tulad ng ginawa Niya kay Adan, nilakip lahat na katotohanang kailangan natin upang mabuhay ng ayon sa Diyos sa harapan ng ating Panginoon.

Bakit itinago ng Diyos ang kapahintulutan ng biyaya isang lihim

Isinaysay sa atin ni Pablo kung bakit itinago ng Diyos ang panahon ng biyaya isang lihim sa I Cor:2:7-8,

"Datapwa't sinasalita namin ang karunungan ng Diyos sa isang hiwaga, maging ang nakatagong karunungan, na itinatalaga ng Diyos bago pa ang sanlibutan patungo sa ating kaluwalhatian: Na wala ni isa sa mga prinsipe ng sanlibutang ito ang nakaalam: sapagka't kung nalaman nila ito , ay hindi sana nila ipinako sa krus ang Panginoon ng kaluwalhatian."

Sana hindi na ni Satanas ipinako ang Panginoong Jesu Cristo kung nalaman niya kung ano ang tuparin ng Diyos sa pamamagitan ng krus. Kinailangan ikubli ang lihim "itinago sa

Kaniyang sarili" sa gayon hindi malaman ni Satanas na ang krus ay nangangahulugan ng kaniyang pagkatalo.

Natalo ng Diyos si Satanas sa krus, Henesis 3:15,

"…ito ang dudurog sa kaniyang ulo, at ikaw and dudurog sa kaniyang sakong."

Dinurog ni Cristo ang ulo ni Satanas sa krus. Ang katuparan ng natapos na gawaing-krus ni Cristo ay hindi lubos ipinaalam o ipinahayag hanggang sa naihayag sa at ipinangaral ni Pablo.

Ang Diyos, gaya ng Kaniyang sangguniang palatuntunang maghahayag, ay gaganapin pa ang Kaniyang mga pangako ibinigay sa Israel at sila ay maghahari sa sanlupaan. Ang Diyos, ayon sa Kaniyang hiwagang palatuntunan maghahayag, kasama ang Katawan ni Cristo ay kukunin ang kalangitan pabalik sa ilalim ng Kaniyang kapangyarihan. Mangyayari ito dahil pumunta si Cristo sa krus at doon natalo si Satanas. Ang pagtatagumpay ni Cristo nilampasan ang kasalanan at kamatayan sa krus naging posible ito para sa Diyos na angkinin uli ang sanlupaan sa pamamagitan ng Israel at ang mga kalangitan sa pamamagitan ng Katawan ni Cristo.

Efeso 1:10, "Na sa kapahintulutan ng kapunuan ng mga panahon maaaring titipunin lahat sa pagkakaisa lahat na bagay kay Cristo, kapuwa yaong nangasa sangkalangitan, at siyang nangasa kalupaan; maging sa kaniya:"

Sa hinaharap na kapahintulutan nakilala na "kapahintulutan ng kapunuan ng mga panahon", Dadalhin lahat ng Diyos sa paanang kapangyarihan ng Kaniyang Anak dahil sa krus. Ito ay hindi sana mangyayari kung hindi ikinubli ng Diyos, ang hiwagang palatuntunan.

Dapat rin tayo magagalak sa pagkakaalam na ang Diyos iningatan ang kubling hiwagang palatuntunan dahil sa sinabi ni Pablo sa I Cor. 15:17

"At kung si Cristo hindi muling binuhay, ang inyong

pananampalataya ay walang kabuluhan; kayo ay nasa inyong mga kasalanan pa."

Kung hindi itinago ng Diyos ang lihim at kung ang hiwaga ay naihayag bago ang krus, hindi sana ni Satanas ipinako sa krus ang ating Panginoon at tayo ay naroon pa sa ating mga kasalanan! Kung wala ang kabayaran ng krus ni Cristo tayo ay naroon pa sa ating mga kasalanan at walang pag-asa alinman sa atin.

Ang dispensasyon ng biyaya ng Diyos

Gaya ni Adan na kinakailangan malaman kung ano ang kaniyang katiwala ay, gayon din tayo. Ang mga sumusunod ay mga katotohanang naihayag ng Diyos sa pamamagitan ni Pablo nauukol sa dispensasyon ng biyaya:*

- Ang Israel ay nahanda sa tagiliran, Roma 11:7, 12, 15, 20, 32
- Ang awa ipinakita sa lahat magkahalintulad, Roma 11:32
- Ebanghelyo ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng natapos na kabayaran sa krus ni Cristo, Mga Gawa 20:24, Efeso 3:2
- Mananampalataya ay pinakipagkasundo sa kay Cristo dahil sa krus, Efeso 2:16
- Ang ebanghelyo "walang pagkakaiba" sa pagitan ng Hudyo at Griego, Roma 10:12
- Mananampalataya na mga Hudyo at Gentil na binautismuhan nasok sa isang katawan, I Cor. 12:13
- Katawan ni Cristo ay itinatag kasama ni Cristo sa kalangitan, Col. 3:1-3

Ang pagiging masunurin ni Adan ng pananampalataya sa Diyos ay depende sa kay Adan pagbabahagi ng matuwid ng salita ng Diyos sa kaniya. Si Adan ay hindi maaaring maging masunurin kung hindi niya tamang kilalanin ang pagkakaiba ng dalawang katiwala at maging matapat na katiwala sa isang yaong ibinigay ng Diyos sa kaniya para sundin. Ang maghalo ng mga katiwala, kunin ang mga ilan sa nauna at idagdag sa pangalawa, ay para

maghahalintulad sa pagsuway sa kapahintulutan na ibinigay ng Diyos sa kaniya at dinungisan ang salita ng Diyos. Ang ating pagkamasunurin sa pananampalataya ay kailangang sang-ayon sa katotohanang inihahayag kay Pablo para sa atin sa panahon ng biyaya.

Tumuturo sa atin si Pablo kung ano ang kabanalan, sa panahon ng biyaya sa Tito 1:1, 3

"…*at* ***sa pagkaalam ng katotohanan*** na kasunod sa kabanalan;"

Tumuturo sa atin si Pablo kung ano itong katotohanan nasa berso 3. *"Kundi sa kaukulang panahon may nahayag ang kaniyang salita sa pangangaral* ***na siyang ipinagkatiwala sa akin***
alinsunod sa utos ng Diyos na ating Tagapagligtas;"

Ang kabanalan ngayon ay ang susundin ang hiwagang katotohanang ipinagkatitiwala ni Cristo kay Pablo.

Ipinagkatitiwala ng Diyos isang kapahintulutan kay Pablo at ninanais ng Diyos naihayag ang Kaniyang Anak alinsunod nitong hiwagang katotohanan. Nababasa natin kung paano ang Panginoong Jesus ay ipapangaral ngayon sa panahon ng biyaya sa Roma 16:25,

"Ngayon sa kaniya na may kapangyarihan maitatag kayo alinsunod sa aking ebanghelyo, at ang pangangaral ni Jesu Cristo, alinsunod sa pahayag ng hiwaga, na iniingatang lihim mula ng pinasimulang sanlibutan,"

Si Jesu Cristo ay dapat ipangaral alinsunod sa pahayag ng hiwaga. Siya ay dapat ipangaral alinsunod sa katotohanang unang inihayag kay Pablo!

Tumuturo rin sa atin si Pablo kung paanong <u>hindi</u> ipangaral si Cristo sa panahon ng biyaya sa II Cor. 5:16

"Kaya nga buhat ngayon hindi naming nakilala sinuman ayon

sa laman, oo, bagaman nakilala natin si Cristo ayon sa laman, bagaman buhat ngayon hindi na siya natin nakilala."

Nagtuturo dito sa atin si Pablo na tayo ay hindi na dapat gawin ang pagtatangi sa pagitan ng tao ayon sa laman kagaya ng sa pagitan ng Hudyo at Gentil. Ang pagtatanging ito ay lumagi mula pa sa panahong itinatag ng Diyos ito dala ng kaniyang pagtawag kay Abram at pagtawag mula sa isang lahi para sa kaniyang pangalan, Israel sa Hen. 12.

Mula noon, ang mga tao ay nakilala ayon sa laman, isang bigay-ng-Diyos na pagkakatangi sa pagitan ng Hudyo at Gentil. Alam rin ng ating Panginoon na itong kaibahan noong Kaniyang makalupang ministerio. Kung nagsasabi si Pablo na buhat ngayon alam natin na walang tao ayon sa laman naihayag niya ang pinakamalaking pagbabago ayon sa kapahintulutan. Pinagbago ni Pablo ang pangaral na kahit si Cristo ay nagturo at itinaguyod noong Kanyang makalupang paglilingkod sa Israel na sa Hudyo muna. Alam ng Diyos ang mga tao ngayon ayon sa kanilang puso. Makikita lamang ng Diyos ang mga tao na nailigtas o nangaligaw, hindi bilang isang Hudyo o isang Gentil.

Ang sunod na salaysay ni Pablo ay lalong mas may kahulugan nang siya nagtuturo sa atin na tayo ay hindi na kilalanin pa si Cristo ayon sa laman. Anong ibig sabihin nito? Ang pagkaunawa kay Cristo ay makilala Siya, kung ano Siya nailahad sa mga ebanghelyo bilang ministro sa Israel, ang pagtutuli. Si Cristo ay ipinangaral ayon sa laman nang Siya ay ministro ng pagtutuli, pero ngayon, Siya ay hindi na dapat ipangangaral ayon sa laman subalit sa sinasabi ni Pablo sa Roma 16:25,

"…ayon sa aking ebanghelyo at ang pangangaral ni Jesu Cristo ayon sa pahayag ng hiwaga."

Ang bahay ng Diyos

Sa Lumang Tipan, Ang Diyos ay may sangbahayan. Yaon ay sangbahayan ng Israel.

Eksodo. 40:38, *"Sapagka't ang ulap ng PANGINOON ay nasa ibabaw ng tabernakulo sa araw, at may apoy sa ibabaw niyaon sa gabi, sa harapan ng* ***sangbahayang Israel,*** *sa kanilang buong paglalakbay."*

Sa ngayon, Siya ay nagtatayo ng isa namang sangbahayan; ito ay ang Iglesia, ang Katawan ni Cristo.

I Tim. 3:15, *"Kung ako ay mananatili ng malaon, na inyong malaman kung paano kayo magpakaayos ng sarili ninyo sa* ***bahay ng Diyos****,* ***na siyang iglesia ng Diyos na buhay****, ang haligi at lapag ng katotohanan."*

Ang lahat na mga tunay na mga mananampalataya ay nasakop sa sangbahayan na ito, at sumasaysay sa atin si Pablo sa II Tim. 2:15 – 21 paano magiging sisidlan ng pandangal sa bahay ng Diyos. May dalawang batayan ng kapasiyahan ang ibinigay. Ang una ay ***"matuwid na pagbahagi ng salita ng katotohanan"***. Ang isang tao ay magiging, isang manggagawa ***hindi nahihiya at pinagtibay sa Diyos.*** Ang pangalawa ay ***"linisin ang kanyang sarili ng mga ito"***. Ito ay tumutukoy sa kasalanan.

II Tim. 2:19, "*Gayunman ang tatagang-baon ng Diyos ay tunay na tumatayo, na taglay ang tatak, Kilala ng Panginoon sila yaong ay Kaniya. At, Hayaan ang bawat isa na sumasambit ng pangalan ni Cristo na lumayo sa kasuwalian."*

II Tim. 2:20-21 *"Subalit sa isang malaking bahay may mga hindi lamang sisidlang ginto at pilak kundi pati kahoy at sa lupa; at ilan para sa kapurian at ang ilan ay kasiraang puri. Kung ang isang tao samakatuwid linisin ang kaniyang sarili sa mga ito, siya ay magiging isang sisidlan patungo sa pagpuri, inaaring banal, at marapat para gamitin ng mayari at maging handa sa bawat mabuting gawa."*

Ginto at pilak o kahoy at lupa

Nag-aaral ka ba ng salita ng Diyos gayang tinuturo ng Diyos sa II Tim. 2:15 *"matuwid na binahagi ang salita ng katotohanan"?* Sumasang-ayon ka ba sa Diyos na si Pablo ay ang ating apostol ngayon at na matagpuan natin ang ating katiwala galing sa Diyos sa mga kasulatan na ibinigay Niya sa atin kay Pablo?

I Cor. 4:1, 2 *"Hayaan ang tao na gayon ariin tayo gaya ng mga ministro ni Cristo, at mga katiwala ng mga hiwaga (hiwagang programa) ng Diyos. Bukod dito ito ay kinakailangan sa mga katiwala, na ang tao ay natagpuan mapagtapat."*

Ikaw ba ay sisidlan ng ginto at pilak, isang sisidlan ng karangalan "*marapat para gamitin ng mayari at nahahanda sa bawat mabuting gawa?*"Maling pagbabahagi ng salita at/o nabubuhay ng buhay
na hindi malinis saging kasalanan na ang isa ay magiging sisidlang ng kahoy at lupa.

Mga matapat na katiwala ng mga hiwaga ng Diyos ay gaya ng mga yaong mga nakilalang mga taga Berea sa Mga Gawa 17:11, *"Sila ay mga mas dakila pa kaysa mga sa Tesalonica sa paraang tinanggap nila ang kasulatan na buong pagkahanda ng isip, at sinisiyasat ang mga kasulatan araw-araw, kung tunay nga yaong mga bagay."*

Ang mga taga Berea ay hindi ganap na tinatanggap kung ano ang nanggaling sa pulpito bilang ebanghelyo. Ang mga taga Berea ay sinayasat ang ebanghelyo araw-araw.

Ngayon, ang karamihan ng mga iglesia ay ayaw bigyang pansin ang tanging pagkaapostol ni Pablo at ang kapahintulutan na ibinigay sa kanya ni Cristo. Sinabi ni Cristo sa kanyang mga alagad sa Juan 13:20,

"Tunay, na tunay, sinasabi ko sa inyo, Ang tumanggap sa sinuman na aking ipinadala, tinatanggap ako; at sinuman ang tatanggap sa akin, tinatanggap ang sinuman nagsugo *sa akin."*

Ipinangaral ni Esteban ukol sa makipagtrato ng Israel sa mga tagapagsalita ng Diyos sa kanila sa kaniyang huling pangaral sa Mga Gawa 7:52,

"Alin sa mga propeta ang hindi pinag-usig ng inyong mga magulang? at kanilang pinatay sila na ipinakita noong una bago dumating ang Isang Makatarungan…"

Ang iglesia ngayon ay hindi kakaiba kaysa Israel kung hindi natin kinikilala ang isang sinugo na ipinadala ni Cristo nakatangi para sa atin nang Kanyang hiwagang programa.

Alam ng Israel na si Moises ang tagapaglagda ng batas at na siya dapat ay sundin at dinggin sa kapahintulutan ng batas. Gayon din, ang iglesia ngayon ay makinig sa apostol ng Diyos na si Pablo sa kapahintulutan ng biyaya.

Ang mga mananampalataya ay minsan mapamintas sa mga Roma Katoliko dahil sa bulaging pagsunod sa Papa at paniniwala ng iglesia sa gugol ng pananalig sa Salita ng Diyos. Karamihan sa mga gaya nitong mga mananampalataya ay talagang labis ng mga tagasunod ng tao pagdating sa pagkamasunurin sa kanilang pastor, sari-saring relihiyon, mga pangaral ng iglesia o isang tiyak na paaralang bibliya o seminario sa gugol ng Salita ng Diyos.

Yaong mga nasa paniwalang Katoliko ay napakalinaw ukol sa kung sino ang kanilang sinusunod; Ang sinusunod nila ay si Pedro. Si Pedro ay bahagi ng sangguniang programa ng Diyos na inilapag sa tagiliran ng Diyos ngunit muling pasimulan pagkatapos yariin itong kapahintulutan.

Para luwalhatiin ang Panginoon sa kapahintulutang ito kailangan nating sundin si Pablo at magtatayo sa ibabaw ng tataging-baon inilapag ni Pablo tulad ng sinabi niya sa atin sa I Cor. 3:10,

"Ayon sa biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin, bilang Isang marunong na pinunong tagagawa, inilagay ko ang mga

tatagang-baon at iba naman ay nagtatag sa ibabaw niyaon, ngunit hayaan ang bawat tao ay mag-ingat kung paano siya magtatag sa ibabaw niyaon.

Si Jesu Cristo ay tatagang-baon na itinatag ni Pablo at siyang nagturo sa atin na magtatag sa ibabaw nito tulad niya, ang marunong na pinunong tagagawa, nagtuturo sa atin na gawin. Ngayon ang mga mananampalataya ay magtayo ayon kay Pablo (hiwaga ni Pablo) hindi ayon kay Pedro (ang sangguniang doktrina ni Pedro).

I Cor. 2:5 "*Na ang inyong pananampalataya ay hindi dapat tatayo sa karunungan ng mga tao kundi sa kapangyarihan ng Diyos."*

Wika ni Pablo na ang "iyong pananampalataya" ay dapat matatag sa kapangyarihan ng Diyos hindi sa karunungan ng tao. Kahit tapat, mga mabuting-katuwirang tao na siyang mga taga-payo sa pananampalataya ay hindi dapat maging ating kapamahala. Ang matuwid na binabahagi lamang na Salita ng Diyos ang dapat maging kapamahalaan.

Ang Salita ng Diyos na matuwid na binabahagi at nagbigay rin sa atin nitong mga katotohanan para sa kapahintulutan ng biyaya:

. Si Pablo ay apostol ng Diyos sa mga Gentil sa Sa panahon ng biyaya, Roma 11:13
. Si Jesu Cristo ay dapat ipangaral ayon sa Roma 16:25, 26, "*ayon sa aking ebanghelyo, at ang pangangaral ni Jesu Cristo, ayon sa kapahayagan ng hiwaga,"*

. Ang matuwid na binabahagi ang salita ng katotohanan ay kung paano ang mga mananampalataya mag-aral ng mga kasulatan sa bawat kapahintulutan, II Timoteo 2:15

Sa Efeso 3:9, nagtuturo sa atin si Pablo kung ano ang dapat gawin ng iglesia ngayon.

"*At maipakita sa lahat ng mga tao kung ano ang pakikipagkaisa ng hiwaga na buhat ng pasimulan ng sanlibutan ay nakubli sa Diyos na lumalang*
ng lahat ng bagay sa pamamagitan ni Jesu Cristo:"

Sinasabi ni Pablo sa Mga Gawa 20:32

"At ngayon mga kapatid, ipinagtagubilin ko kayo sa Diyos at sa salita ng Kanyang Biyaya, na kaya kayo iaahong pataas…"

Kapanahunang Panukat ng Bibliya

Panahong Nakaraan | **Pero Ngayon** | **Panahong Darating**

Efeso 2:11, 12 | **Efeso 2:13** | Efeso 2:7

Sanggunian | **Hiwaga** | **Sanggunian**



Henesis - Juan | Mga Gawa | **Roma - Filemon** | Mga Hebreo - Pahayag

Ang Panginoong Jesu Cristo ay ating Tagapagligtas
I Timoteo 1:15

Tayo ay nakatira sa Panahon ng Biyaya
Efeso 3:2

Si Pablo ay ating apostol
Roma 11:13

Kaligtasan

Ang pinakamahalagang salita ng Diyos ay tungkol sa iyong pangangailangan ng kaligtasan. Ang salita ng Diyos ay nagtuturo sa atin ng malinaw at ganap na tayo ay mga makasalanang nangangailangan ng Tagapagligtas. Nagbayad ang Diyos para sa ating kasalanan sa krus ng Kalbaryo nang ang ating Panginoon Jesu Cristo, ang bugtong na Anak ng Diyos, namatay para sa ating kasalanan. Ang ating apostol Pablo ay nagturo sa atin sa I Cor. 15:3 & 4 kung ano ba ang pahiwatig na makaligtas sa ebanghelyo.

"Dahil sa ibinigay ko sa inyo una sa lahat na akin naming tinanggap yaong paano si Cristo namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa kasulatan at siya ay nailibing at na siya ay muling nabuhay nang ikatlong araw ayon sa kasulatan:"

Ito ang pahatid ng ebanghelyo ng biyaya na ating paniwalaan upang mailigtas. Efeso 2:8 & 9 ay nagturo sa atin na ang kaligtasan ay ayon sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa ating mga gawa.

Kayo ba ay nagtitiwala sa Panginoong Jesu Cristo bilang iyong Tagapagligtas? Kung gayon, purihin ang Panginoon. Kung hindi, maaaring pumili ka na ilagay ang iyong tiwala sa Kaniya ngayon.IBA PANG IMPORMASYON

Itong booklet ay ginawa para sa inyong pakinabang ng kapuwa mga miyembro ng Katawan ni Cristo sa:

Grace Harbor Church ng Arlington Heights, IL 847-640-8422

Kung makatulong sa inyo ang booklet na ito at gusto mong matuklasang higit ukol sa maluwalhating biyaya ng Diyos at lahat na ginawa Niya para sa iyo, pakidalaw ng aming website sa
http://www.grace-harbor-church.org

Doon ninyo makikita ang iba pang mga materyales para sa kapuwa kabataan at mga matatanda kalakip ang mga libreng araling Bibliya at walang bayad na talaan na puwedeng kopyahin ang aming kinaumagahang pang Linggo na tinuturong sesyon ng Bibiliya.

ANG PAG-AALANGAN NI MARTIN LUTHER

"Ang pagkawalang sala" ay isang salita sa Bibliya na ibig sabihin: "ang gawa ng magbigkas na matuwid" at "magiging malinis malayo sa pagkakasala". Karamihang mananampalataya ay napaligalig nang ihalintulad kung ano ang sinabi ni Pablo ukol sa pawalang sala sa sinabi ni Santiago.

Sinasabi ni Pablo sa Roma 3:28, *"Kaya nga na maipasisiya na ang tao ay pawalang sala dahil sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng batas."*

Si Santiago ay nagsabi sa Santiago 2:24, *"Masdan ninyo na yaon sa mga gawa ang tao ay pinawalang sala hindi sa pananampalataya lamang."*

Sumulat si Martin Luther ng sumusunod na parapo higit 500 taong nakalipas ukol sa kaniyang hamon nitong dalawang salaysay galing sa salita ng Diyos.

"Marami ang pinagpawisan para pakipagkasunduin sina Santo Pablo at Santo Santiago, ngunit pagkawalang kabuluhan. 'Ang pananampalataya ay pawalang sala' at'ang pananampalataya ay hindi nagpawalang sala' ay may kalinawang sumalungat sa isa't isa. Kung sinuman ang maaaring pakipagkasunduin ang mga ito ibibigay ko ang aking kaputsa ng doktor at tutulutan siyang tawagin akong isang ulol."

Si Luther ay nasa tamang direksiyon sa kaniyang pagtangkay upang mapasiyahan itong nakikitang pagkakasalungatan nang sinulat niya,

"…kailangan nating tingnan at mamasdan kung kanino ito naging napagsalitaan, kung mararapat ito sa atin.

Gary at Lynda Miller
2822 Briarwood Dr. E. Arlington Heights, IL 60005
www.grace-harbor-church.org
www.lesfeldick.org

English to Filipino Tagalog
Translation
By Merlinda Barry